

8-1. Pag-check ng Message


Matatanggap ang paunawa mula sa paaralan sa nakarehistrong contact information (email, LINE, app). Maaari ring ma-check kapag nag-login sa My Page.

Pagtanggap sa email


Halimbawa ito ng paunawa mula sa paaralan na natanggap sa email.



Halimbawa ito kung saan naka-set ang pagkumpirma ng pagbubukas.




Sa pamamagitan ng pag-tap ng URL na nasa email, ipapakita ang nilalaman, at ipapaalam ang pagbubukas sa panig ng paaralan.




Pagtanggap sa LINE

Halimbawa ito ng paunawa mula sa paaralan na natanggap sa LINE. Kung LINE, mayroon o wala mang pagkumpirma ng pagbubukas, laging malilipat sa message screen na tulad ng sumusunod.




Sa pamamagitan ng pag-tap ng button para sa pagkumpirma, ipapakita ang nilalaman, at ipapaalam ang pagbubukas sa panig ng paaralan.




Pagtanggap sa app

Makakatanggap ng push notification na tulad ng sumusunod.



Maglo-launch ang app sa pamamagitan ng pag-tap ng notipikasyon. Ipapakita ang My Page, kaya't mangyaring i-check ang message doon.

Mag-login at kumpirmahin



Ipapakita nang nakabukod ayon sa kulay ang hindi pa nababasang message.

Kapag na-tap ang button na "Buksan," ipapaalam ang pagbubukas sa panig ng paaralan, at ipapakita ang nilalaman.

